*V.* Numquid fortitudo lapidum est fortitudo mea? Aut caro mea enea est? Aut caro mea enea est?

*V.* Ako nama'y hindi bato, at hindi tanso ang katawan ko, o mula sa tanso ang katawan ko.

**Vir erat...**

**May isang lalaki...**

*V.* Quoniam, quoniam, quoniam non reuertetur oculus meus ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona, ut uideam bona.

*V.* Sapagka't hindi na makikita ng aking mga mata ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay, ang tanang mabubuting bagay.

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**SUSCIPE,** Dómine, propítius hóstias: quibus et te placári voluísti, et nobis salútem poténti pietáte restítui. Per Dominum.

**PANGINOON,** tanggapin mo ang aming mga alay; dahil sa iyong paglingap at pagmamahal, niloob mong magdulot ng iyong pakikipagtipan upang makapagdulot ito ng kaligtasan sa amin. Alang-alang sa Anak Mo...

▪ *Prepasyo ng Banal na Santatlo.*

### ANTIPONA SA KOMUNYON • *Ps 118:81,84,86*

**IN** salutári tuo ánima mea, et in verbum tuum sperávi: quando fácies de persequéntibus me iudícium? iníqui persecúti sunt me, ádiuva me, Dómine, Deus meus.

**HANAP** ng kaluluwa ko ang Iyong kaligatasan sa tuwina, sa Iyong salita ako'y umaasa. Kailan mo hahatulan ang mga umuusig sa akin? Inuusig ako ng mga masasama; tulungan mo ako, Panginoong Diyos ko.

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**IMMORTALITATIS** alimóniam consecúti, quǽsumus, Dómine: ut, quod ore percépimus, pura mente sectémur. Per Dóminum.

**PANGINOON,** nakinabang kami sa pagkaing nagbibigay-buhay. Nawa'y magsumikap kami na maging malinis sa isip at kalooban ayon sa Katawan at Dugo na aming tinanggap. Alang-alang sa Anak Mo...

# IKA-21 LINGGO MAKALIPAS ANG PENTECOSTES

*Misa "In voluntate tua"*

*• II cl. • Semidoble • Luntian*

**Latin Mass Society of Cavite** ©2021
*Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite*
**Comision Para sa Pagsasalin**

### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Est 13:9-11*

**IN** voluntáte tua, Dómine, univérsa sunt pósita, et non est, qui possit resístere voluntáti tuæ: tu enim fecísti ómnia, cœlum et terram et univérsa, quæ cœli ámbitu continéntur: Dominus universórum tu es. — *Ps 118:1* Beáti immaculáti in via: qui ámbulant in lege Dómini. *V.* Gloria Patri. In voluntate tua.

**ANG** iyong kalooban, Panginoon, ay matatagpuan sa tanan; walang makalalaban sa Iyong nais. Hawak mo ang buong sansinukob, langit, at lupa, at ang lahat ng sakop ng sangkalangitan. Ikaw ang Panginoon ng lahat! — *Salmo 118:1* Mapalad ang kanilang pamumuhay ay malinis, at sumusunod s autos ng Panginoon. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang iyong kalooban...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**FAMILIAM** tuam, quǽsumus, Dómine, contínua pietáte custódi: ut a cunctis adversitátibus, te protegénte, sit líbera, et in bonis áctibus tuo nómini sit devóta. Per Dominum.

**ALAGAAN** Mo nang buong pagmamahal ang iyong angkan, Panginoon. Ipagkaloob mong umasa kaming lagi sa iyong tulong nang madama namin ang paglingap mo sa tuwina. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

### SULAT • *Eph 6:10-17*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

**MGA KAPATID:** Magpakatibay kayo sa kalakasang galing sa Panginoon at sa kanyang dakilang kapangyarihan. Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma na kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga pakana ng diyablo. Sapagkat hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao, kundi sa mga pinuno, sa mga maykapangyarihan, sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa

sanlibutang ito, sa mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid. Kaya't gamitin ninyo ang kasuotang pandigma na mula sa Diyos. Sa gayon, makakatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng araw na sumalakay ang masama, upang pagkatapos ng labanan ay matatag pa rin kayong nakatayo. * Kaya't maging handa kayo. Ibigkis sa inyong baywang ang sinturon ng katotohanan, at isuot sa dibdib ang baluti ng katuwiran; isuot ninyo ang sapatos ng pagiging handa sa pangangaral ng Mabuting Balita ng kapayapaan. Lagi ninyong gawing panangga ang pananampalataya, na siyang papatay sa lahat ng nagliliyab na palaso ng diyablo. Isuot ninyo ang helmet ng kaligtasan, at gamitin ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang Salita ng Diyos. — *R.* Salamat sa Diyos.

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 89:1-2; Ps 113:1*

| | |
|---|---|
| **DOMINE**, refúgium factus es nobis, a generatióne et progénie. *V.* Priúsquam montes fíerent aut formarétur terra et orbis: a sǽculo et usque in sǽculum tu es, Deus. | **PANGINOON,** ikaw ang aming takbuhan sa lahat ng salinlahi. *V.* Bago pa nilikha ang bundok, ang sanlibutan, at ang santinakpan, ikaw ay Diyos noon at noon pa man. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* In éxitu Israël de Ægýpto, domus Iacob de pópulo bárbaro. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Ito'y nangyari nang umalis ang Israel mula sa Egipto; at nang umalis ang bayan ni Jacob sa isang bayang mabangis. **Aleluya.** |

### EBANGHELYO • *Mt 18:23-35*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga alagad ang talinhagang ito: "Ang kaharian ng Dios ay maitutulad sa kwentong ito: May isang hari na nagpatawag sa mga alipin niya para singilin sa kanilang mga utang. Nang simulan na niya ang paniningil, dinala sa kanya ang isang alipin na nagkautang sa kanya ng milyon-milyon. Dahil hindi siya makabayad, iniutos ng hari na ipagbili siya bilang alipin, pati ang kanyang asawa't mga anak, at lahat ng ari-arian niya, para mabayaran ang kanyang utang. Nagmamakaawang lumuhod ang aliping iyon sa hari, 'Bigyan n'yo pa po ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko.' Naawa sa kanya ang hari, kaya pinatawad na lang siya sa kanyang utang at pinauwi. Pagkaalis ng aliping iyon, nakasalubong niya ang isang kapwa alipin na nagkakautang sa kanya ng kaunting halaga. Sinunggaban niya ito at sinakal, sabay sabi, 'Bayaran mo ang utang mo sa akin.' Lumuhod ang kapwa niya alipin at nagmakaawa, 'Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kita.' Ngunit hindi siya pumayag. Sa halip, ipinakulong niya ang kapwa niya alipin hanggang sa makabayad ito. Nang makita ito ng iba pang utusan, sumama ang loob nila, kaya pumunta sila sa hari at isinumbong ang lahat ng nangyari. Ipinatawag ng hari ang alipin at sinabi sa kanya, 'Napakasama mong utusan! Pinatawad kita sa utang mo dahil nagmakaawa ka sa akin. Hindi ba dapat naawa ka rin sa kapwa mo alipin gaya ng pagkaawa ko sa iyo?' Sa galit ng hari, ipinakulong niya ang alipin hanggang sa mabayaran nito ang lahat ng utang niya." At pagkatapos, sinabi ni Hesus sa kanila, "Ganyan din ang gagawin ng inyong Amang nasa langit kung hindi kayo magpapatawad nang buong puso sa inyong kapwa."— *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Job 1, 6*

| | |
|---|---|
| **VIR** erat in terra Hus, nómine Iob: simplex et rectus ac timens Deum: quem Satan pétiit ut tentáret: et data est ei potéstas a Dómino in facultátes et in carnem eius: perdidítque omnem substántiam ipsíus et fílios: carnem quoque eius gravi úlcere vulnerávit. | **MAY** isang lalaking nakatira sa lupain ng Uz na ang ngalan ay Job. Isa siyang mabuting tao, sumasamba sa Diyos at umiiwas sa masamang gawain. Nakiusap si Satanas na tuksuhin si Job, at pinahintulutan siya ng Panginoon sa lahat ng pag-aari't katawang-lupa ni Job. Nilustay ni Satanas ang lahat ng ito, at bingyan pa ng sakit kabilang ang isang malalang sakit sa sikmura. |
| *V.* Utinam appenderentur peccata mea; utinam appenderentur peccata mea, quibus iram merui, quibus iram merui; et calamitas, et calamitas quam patior, hec grauior appareret. | *V.* Ang suliranin ko't paghihirap, kung titimbanging lahat, magiging mabigat pa kaysa buhangin sa dagat; at ang unos, ang unos na aking dinanas ay mukhang mas mabigat pa! |
| **Vir erat…** | **May isang lalaki…** |
| *V.* Que est enim, que est enim, que est enim fortitudo mea ut sustineam? Aut quis finis meus ut patienter agam? | *V.* Ano ang aking lakas, upang ako'y maghintay? At ano ang aking wakas upang ako'y magtiis? |
| **Vir erat…** | **May isang lalaki…** |